# PANGUNAHING DOKUMENTO NG PSA

# MGA NILALAMAN

1. Panimula ……………………………….………….............. 4

2. Pagtatag ……………………………………….………… 5

3. Kahulugan ng SAF.………………….............................… 6

4. Mga Katangian ng Pagkakakilanlan ……………………..… 6

5. Pamantayan ng Pagsapi ………………………..………... 7

6. Mga Paraan ng Pakikilahok …………………………………. 8

7. Mga Paraan ng Pagtatalaga o Pangako…………………… 10

8. Organisasyon ………………………….………………….. 11

8.1. Istruktura……………………………………………...... 11

8.2. Pamamahagi ng mga Tungkulin..........……………….… 12

8.3. Pamantayan ng Pagpapatakbo..……….……………… 13

8.4. Pamamaraan ng Pakikipag-ugnay at Komunikasyon .. 14

9. T alahulugan ………..……………………………………… 15

10. Pagdadaglat ....……………………………………………… 18

11. Bibliyograpiya.……………………………………………… 19

# 1.PANIMULA

Bilang pagtugon sa tawag ng Panginoon, sina Padre Juan Bonal at Madre Maria Rafols, kasama ang grupo ng mga kababaihan at kalalakihan, ay nilisan ang kanilang lupang sinilangan, patungong Zaragoza. Ika 28 ng Disyembre 1804 ng kanilang marating ang lungsod. Agad silang nanalangin at manikluhod sa Mahal na Birhen ng Pilar upang idalangin na sa ilalaim ng kanyang pangangalaga ay isakatuparan nila ang inatas na misyon ng buong pagmamahal at dedikasyon. Ang misyong na syang dahilan kung kaya't sila ay naroon sa Ospital ng Mahal na Birhen ng Grasya. (Const.2). Ito ang pinagmulan ng Kongregasyon ng Sisters of Charity of St. Anne at ang binhi na syang nagbigay daan upang sumilang ang samahan ng mga Layko, ang Saint Anne Family.(SAF).

Sa Ospital na ito, noon pa man at sa dumaan na panahon, ang mga Sisters at Layko ay katuwang na sa mga Gawain at sa patuloy na pakikiisa sa atin,at nabuo ang isang Karismatikong pamilya na may epektibong at pagmamahal na pagsasama.

Sa loob ng mahigit na 200 taon malayo na ang ating nalakbay iba't -ibang Kontenente- upang marating kung nasaan man tayo ngayon.. Ang mga tao na galing sa iba't-ibang pamumuhay, tinawag para mamuhay na isang pamilya…Ang karisma ng Pangkalahatang Pagkakawanggawa ginawa ng Mabuting pakikitungo. Ito ay ang pagbabahagi ng regalo at kayamanan ng lahat para sa Sisters at Layko. Sa mataas na pagtingin at respeto sa bokasyon ng bawa't isa- iba-iba pero magkakasama-gusto nating buuin ang kaharian ng Diyos.

Ang Kongregasyon ng SCSA, sa pagtugon sa panahon, sa kauna-unahang pagkakataon,ay inanyayahan ang mga Layko sa XXVI General Chapter taon 2007 at nagbukas ng bagong daan para mabuo ang Saint Anne Family na nagsasaad sa kasulatang dokumento na: "Nais namin na ang Karisma ni Madre Rafols at Padre Bonal na maibahagi sa mga Layko at Sisters, na maging isang malaking Pamilya Santa Ana."

Noong XXVI Extraordinary General Chapter of 2010, Ang Saint Anne Family ay pormal na itinala sa Konstitusyon na nagsasabi: “Kinikilala namin na ang regalong Karismatiko na natanggap namin sa Espiritu ay ipinagkalood din sa ibang tao sa iba’t-ibang paraan, ay may pakikiisa sa Kongregasyon sa pagbuo ng St. Anne Family”.(Const.9).

Napansin namin na may kagalakan na ang Espiritu ang nangunguna sa atin para ibigay sa taong sumasama sa relasyon ng Kongregasyon,isang channel para makilala at mabuhay sa Charismatic Family at paganahin ang pangako ayon sa estilo ng aming mga tagapagtatag.

## 2. PAGTATAG (PUNDASYON)

*Bilang Mabubuting katiwala ng iba’t-ibang kaloob ng Diyos, gamitin ninyo ang kakayahang tinanggap ninyo sa ikakapakinabang ng lahat. 1 Pedro 4:10*

Sa pagsunod kay Hesus at sa gabay ng Espiritu, ang aming tagapagtatag ay naging magandang balita lalo na sa mga mahihirap at lubos na nangangailangan sa kanilang panahon. Katulad nila gusto rin nating ipakita ang mahabaging mukha ng Panginoon sa iba’t-ibang sitwasyon sa ating buhay. Tayong lahat ay responsable na buhayin ang Karisma ayon sa senyales ng panahon.

Hospitalidad, ang sentro ng Karisma, na sumasalamin sa kabutihan ng Diyos na unang-una na nagpahayag ng kaniyang pagmamahal sa atin,sa pamamagitan ng pagpapadala ng kanyang bugtong na Anak sa mundo. Si Hesus na kaisa nya sa pagtubos sa atin, nagsasaad ang Pagmamahal at Pagkamahahabaging Diyos. (Ref.Const.5)

Ang pinakamahalaga ay ang pagmamahal ng Diyos na syang dapat patungo sa ating kapwa upang mahalin natin sila. Ang ating tagapagtatag at ang unang mga sisters, bilang isang nagkakaisang samahan, ay expresyon ng pagmamahal ng Diyos Ama at hangad

nilang ibahagi ito sa bawat miyembro ng pamilya na walang pinipili o isinasangtabi.(Const.62).

Ang SAF ay isang pamilya ng Diyos ,na tulad ni Hesus, sinasabuhay ang Karisma na Pangkalahatang Kawanggawa,ginawa ng Mabuting pakikitungo,sa pamamagitan ng paglilingkod,at mithiing pagpanibaguhin ang realidad na gawin itong mas makatao.

Ang Buhay Relihiyosa ay nakatuklas ng bagong istrukturang sumasailalim sa mga nabiyayaan ng katulad ng Karisma nag-uugnay at nagiging bahagi ng komunyon. Ang balangkas na ito ay" Karismatik na Pamilya"(Ref. NWH122). Maraming mga Institusyon ang nagpatunay na ang Karisma ay maaring ibahagi sa mga Layko. "Ang panibagong yugto, puno ng pag-asa,ay nagsimula sa kasaysayan ng pakikipagkapwa sa pagitan ng mga relihiyosa at Layko.(VC 54). Ang pag-iisa ay biyaya ng Banal na Espiritu na siyang tumatawag upang mamuhay ng may pasasalamat,katapatan at responsabilidad mula sa ating balangkas ng mga gawain at karisma.(ChL 20 at 114).

# 3. KAHULUGAN NG SAF

Ang SAF ay ang lahat ng taong nakikibahagi sa Karisma ng Pangkalahatang Pagkakawanggawa na ginawa ng Mabuting pakikitungo,na ang bawa't isa ay nagmula sa kanilang partikular na bokasyon at kaganapan,pagsaksi sa pagmamahal ng Diyos,ayon sa diwa,ng aming tagapagtatag na sina Madre Maria Rafols Bruna at Padre Juan Bonal Cortada.

Ito ay isang pinalawak na pamilya,na binubuo ng mga taong may iba't-ibang edad,kasarian,relihiyon(maging ang mga taong walang pakialam sa relihiyon o maging ang mga hindi naniniwala, pero bukas sa paghahanap nito),antas ng pamumuhay,wika,pangkat-etniko,caste,katayuan sa lipunan,atbp ng **personal na pinipiling mapabilang** sa aming samahan. Ang bawat kasapi o miyembro ay nakikibahagi,sa pagkakaisa sa Kongregasyon at sa iba't-ibang

pamamaraan,ayon sa apat na bahagi o haligi: Panalangin,Kapatiran,Paghuhubog at Pagtatalaga o Pangako.

# 4. KATANGIAN NG PAGKAKAKILANLAN

Ang mga kasapi ng SAF ay patuloy na pinauunlad ang pagtuklas at pamumuhay ng aming pagkakakilanlan. Kami ay ang mga taong:

a.naaakit kay Hesus Nazareno at sa kanyang mga-aral,may pagnanais na bumuo ng isang mundong makatao at may pagkakapatiran.

b.Pinayayayaman ng Karisma ng Pangkalahatang Kawanggawa,unang-una sa mga tunay na mahihirap at nangangailangan sa pamamagitan ng mabuting pakikitungo sa kanila kahit umabot pa ito sa pagkabayani.

c. Pinakakain ng Salita ng Diyos at /o Panalangin.

d. Sinasalubong ng simple, nang may pagpakumbaba, nang may kasiyahan at tinutugon ang mga pangangailangan ng iba.

e. Namumuhay nang may dedikasyon/na may pag-aalay ng sarili "nang may lubos na pangangalaga, pagganap at pagmamahal"Const.19).

f. May pananagutan at awa,may saloobin ng paglilingkod.

g.Tapat sa mga nangangailangan at isinasangkot ang sarili sa pag - aangat sa kanilang kalagayan,mula sa pagkakilala sa kanilang dignidad.

h.May Espiritu ng pagtutulungan at pagkakaisa.

i.May pagkakaunawa sa pamilya,kapatiran at komunyon.

j. Malugod na pumapayag na tanggapin ang paghubog sa mga sumusunod na larangan: Pagkatao, Espiritwal at bilang isang karismatikong pamilya.

k. Na namumuhay sa espirituwalidad ng karismatik na pamilya ayon sa kanya-kanyang bokasyon.

## 5.PAMANTAYAN NG PAGSAPI

Ang Laykong miyembro ng SAF ay mayroong bilang panuntuyan sa pagsapi:

a. Sariling desisyon na walang inaasahang pansariling interes.

  - Ang mga miyembro ng SAF ay hindi lamang inaasahan na magkawang gawa sa mga lugar kung nasaan ang Kongregasyon, kabilang sa samahan o asosasyon ng nakaugnay rito,makikiisa sa mga gawaing inorganisa ng SAF o makikiisa sa mga sponsorship program at proyekto ng Juan Bonal Pundasyon.(JBP).
  - Lahat ng mga batang nakisangkot sa mga gawaing inorganisa ng SAF ay tinuturing na ring kabilang sa proseso ng pag-uugnay dito hanggang sa sila'y may kakayahan ng pumili upang makamit ang pagiging miyembro nito.

b. Ang pagbibigay ng sarili sa kapatiran at sa ibang miyembro na syang kabilang kung saan man sa mundo. Pagbabahagi ng espiritwalidad at misyon sa pamamagitan ng Karisma na syang binigay sa atin.

c. Pakikiisa sa mga kahit ano mang komunidad,grupo, gawain atbp. Ng Saint Anne Family.

d. May saysay at may pagkatutong makikisalamuha sa Saint Anne Family.

e. Unti-unting angkinin at isabuhay bilang sarili ang "pagkakakilanlan" ng mga miyembro ng SAF.

## 6. MGA PARAAN NG PAKIKILAHOK

Ang mga miyembro ng SAF ay nakikilahok sa mga gawaing nakaugnay sa apat ng bahaging nabanggit: Panalangin-Paghuhubog-Pagkakapatiran-Pangako/Pagtatalaga o Panindigan:

Panalangin:

-Pagpapalalim sa pag-unawa sa Salita ng Diyos.

-Mga araw ng Retreat at Rekoleksyon.

-Pagdiriwang ng Eukaristiya,Banal na Oras at Liturgy hours.

-Pagpupulong para sa mga natatanging panahon ng liturhiya: Adbeyento, Pasko, Kuwaresma at Pentekostes.

-Panalanging Ekumeniko o pakikipagdiyalogo sa ibang relihiyon.

Paghuhubog:

-Mga pagpupulong(at o mga pang grupong Gawain sa iba't-ibang paksa) hinggil sa paghuhubog sa pagkatao,sa Salita ng Diyos,pang espiritwal, pampastoral,pang kongregasyon,pang-ekumeniko at intercultural.

-Pagpapaliwanag sa mga gamit sa paghuhubog.

-Pagsasaayos ng daloy ng paghuhubog.

Pagkakapatiran:

-Mga pang local,nasyonal,provincial at internasyonal na pagpupulong(maaaring mga miyembro o kinatawan).

-Mga pang Kongregasyon na pagdiriwang/kapistahan.

-Pakikilahaok sa mga gawain at/o mga panrelihiyong pagdiriwang ng mga miyenbro ng ibang paniniwala ng may paggalang sa kanilang tradisyon at ritwal.

-Mga ekumenikal o pang interrelihiyon na pagpupulong

-Mga workshop

-Mga Summer Workshop

-Mga Youth Camps

-Mga panlibangang gawain

-Mga iskursiyon/outing para mapaunlad ang pagkakaunawa at relasyon.

-Pakikipagtagpo ng mga dating estudyante.

-Pagpapalaganap ng mga tanda ng pagkakakilanlan: T-shirts, sweatshirts, bags, key holder,logo crest,anthem…

PANGAKO o panindigan:

-Mga missionary Camp

-Mga summer work Camp

-Mga pamboluntaryong Gawain

- Saint Anne Missionary Volunteering

-Pakikipag-ugnay sa Juan Bonal Foundation

-Solidary Events

-Shelter Homes

-Pagkalingang pampastoral sa Ministeryo ng Pangkalusugan, Edukasyon, sa Prisons, Vocational Pastoral, Parish Pastoral.

-Mga programang panlipunan.

-Pakikipag-ugnayan at pagbibigay ng kapangyarihan sa mga kababaihan.

-Gawaing medikal

-Pagdalaw sa tahanan ng mga taong nasa mahihirap na kalagayan lalo na yung mga kabahagi ng SAF at yung wala nang kumakalinga.

-Pakikipag-ugnayan sa iba pang mga kapwa tumutulong sa mga mahihirap.

-Mga gawain sa paghuhubog ng pagkatao sa labas ng paaralan at trabaho.

-Mga gawaing pang-ekolohiya.

Ang mga pangunahing pakikilahok ay ang pagsasabuhay ng mga Kaloob/Biyaya sa atin sa ating pinagtatrabahuhan at /o sa ating mga pang-araw-araw na pamumuhay,bagama't maaring dahil sa ating mga personal na kalagayan ay hindi tayo makalahok sa iba't-ibang mga gawain na nabanggit.

Ayon sa mga yugto ng paglago ng tao, ang mga kalahok ay nahahati sa iba't-ibang grupo: Kahit anong edad ay maaring lumahok ayon sa kinabibilangang edad at hindi na kinakailangang pang daanan ang ibang Yugto o levels.

## 7. MGA PARAAN NG PAGTATALAGA (Commitment)

Mga iba't-ibang pamamaraan kung paano maipamumuhay ng isang miyembro ng SAF ang kanyang pakikilahok at charismatic commitment:

-SAF LAYKO: isang secular na taong nangangako ng katapatan sa karisma ng Pangkalahatang Pagkakawanggawa ng ginawa ng Mabuting pakikitungo, na pinili na mamuhay at makibahagi sa mga gawain ng SAF.

-SAF GROUP: isang pangkat ng mga taong nakilala bilang kasama sa Karisma ng Mabuting pakikitungo, na regular na nagkikita at may iisang interes at/o layunin, makibahagi sa Panalangin, Paghuhubog, Kapatiran at katapatan o pagtatalaga.

- SAINT ANNE LAITY COMMUNITIES: grupo ng tao na kilala bilang kasama sa Karisma, na sa kanyang personal na desisyon ay pinili na pumasok sa isang proseso ng pakikibahagi sa isang

proyekto ng buhay sa sama-sama nilang sinusuri sa tamang panahon.(hindi kinakailangang mamuhay ng magkakasama o makibahagi sa material na bagay).

Ang mga miyembro ng komunidad na ito ay maaaring may:

- Karismatiko links.
- Karismatiko at ligal links.

-SCSA CONGREGATION: binubuo ng mga Sisters, na may sariling Istruktura.

Sama-samang kooperasyon at relasyong karismatiko na ang SAF ay maaaring pagmulan ng mga bagong porma ng pagtatalaga na kailangang mabatid at maaprubahan ng isang may kakayahan at may kapangyarihan sa Kongregasyon.

# 8. ORGANISASYON

## 8.1. Istruktura

a. Lokal na Antas (level):

- Para sa mga grupo o laity communities na mayroong 6 o higit pang mga miyembro:
  - Tagapag-ugnay: Layko at Sister (kung maaari).
  - Kalihim.
  - Ingat yaman.
- Para sa 6 na miyembro pababa, ang pakikipag-ugnay ay magmumula sa punong tagapamahala ng SAF.

Kung sa pagkakataon na walang puwedeng maggabay na Sister kung sakali man, sa Provincial level, isang responsableng taong hinubog sa Karisma ang itatalaga sa gawaing ito.

b. Provincial/Delegation na Antas

- Sister Provincial/Delegate.

- SAF Councillor.
- Magkasama ang Provincial Team (Sisters at Layko): Tagapag-ugnay,Kalihim at Ingat yaman.

Sa bawat Province/Delegation,ang bilang ng tao na sasali sa grupo ay depende sa kung ano ang katayuan ng Province.( sa general level, ito ay binubuo ng mga kinatawan sa bawat zona,estado, provinces,bansa,islas…)

c. <u>Contenental na Antas</u>

- General Councillor na responsable sa SAF.
- SAF Councillor sa bawat Province/Delegation.
- Mga Tagapag-ugnay na Layko sa bawat Province/Delegation.

d. <u>General na Antas</u>

- General Superior
- General Councillor na responsable sa SAF.
- Provincial/Delegation Councillors na responsable sa SAF.
- Mga Laykong Tagapag-ugnay at provincial na antas (magtatrabaho sa kanikanilang nasasakupang continente at sa iba pang mga continente).

## 8.2. Pamamahagi ng mga tungkulin

Ang mga pamamahagi ng mga tungkulin ng mga miyembro ayon sa mga sumusunod:

- **Ang Tagapag-ugnay** (na may kasapi sa iba't-ibang antas (general/provincial/local)**:**
  - Para magawa ang taunang pagpaplano kaugnay sa mga gawain sa 4 na bahagi.(Panalangin-Paghuhubog-Pananagutan o Pagtatalaga,-Kapatiran).
  - Para akuin ang pananagutan ukol sa mahusay na pagganap ng tungkulin ng mga grupo.

- Para sukatin ang pagpaplano at tungkulin ng mga grupo.
- Para maghanda sa pagtitipon.
- Para maghanap ng pondo, sa pakikipag-ugnayan sa ingat yaman.
- Para makipagkita at makipag-ugnayan sa mga tagapag-ugnay.
- Para katawain ang kanilang grupo sa iba't-ibang mahahalagang okasyon.
- Siguraduhing mabuti ang paggamit ng Whatsapp groups, blogs at social networking na naguugnay sa SAF.
- Sa local at provincial na antas, panatilihin ang pakikipagkomunikasyon sa general councillor ng SAF.

▪ **Ang Kalihim:**

- Para sumulat ng katitikan at gawain ito ay laging nasa tamang petsa.
- Para maging responsible sa mga talakayan sa nasa loob at labas ng mga grupo sa SAF.
- Para magpanatili ng listahan ng mga miyembro pati ang kanilang mga numero at ibang detalye na pwede silang matawagan.
- Para siguruhin na naipapahayag ang iba't-ibang gawain o okasyon na pahayagan na nakasaad ang pangalan ng gawain, petsa, pamagat at bilang ng kasapi.

▪ **Ang Ingat yaman:**

- Para pamahalaan at ingatan ang mga mahahalagang kagamitan (sa pakikipag-ugnayan sa mga tagapag-ugnay o taga pamahala at makapag-ulat sa mga grupo ukol sa sitwasyon ekonomiya kahit isang beses isang taon.
- Para makipag-ugnayan ukol sa paghahanap ng pondo.
- Para kolektahin ang mga pondong galing sa iba't-ibang mga gawain na ginawa para makatikom ng pondo.

Sa Provincial/Delegation na antas ay dapat na malaman ang bilang maliban sa mga naka deposito sa bangko, at dapat magkaugnay na ginagawa.

Ang mga tao na nagbibigay ng ganitong paglilingkod ay ibinoboto ng mga kasapi at sila ay magsisilbi sa loob ng 3 taon na may posibilidad na muling mahalal. (Isaalang-alang ang mga espesyal na pagkakataon na hindi kasama sa mga panuntunan).

Para sa mas detalyadong gawain, maglalagay ng mga komisyon- sa bawat antas- na kung saan hindi kinakailangan ng mga kasapi ang tagapag-ugnay, bagkus mga halal na miyembro o kasapi ng mga grupo.

## 8.3. Pamantayan ng Pagpapatakbo

Ang mga miyembro ng SAF, ayon sa kanilang natatanging tawag o bokasyon,ay inaasahang:

- Subuking makisalamuha sa grupo o comunidad.
- Kinakailangang tumalima sa proceso ng malalim na pagkilala bago tuluyang maging bahagi ng comunidad ng mga Layko.
- Pakikiisa sa bawat pagpupulong, pagdiriwang, paghuhubog, panalangin atbp.
- Pakikisangkot sa responsabilidad sa bawat paghahanda at pagpapaunlad ng mga gawain ng SAF at sila'y pagkakatiwalaan ng bawat pananagutan sa iba't-ibang kaganapan.
- Pakikiisa sa mga pangkalahatang pagtitipon naayon sa OL 199 at 140(Layko). Para sa mga laykong miyembro, ang pamamaraan ng pagpili o elekyon ay ipinahahayag sa hiwalay na dokumento.
- Makikisangkot sa ibang grupo, mga komunidad sa ibinigay na teritoryo.

- Maging bukas sa pangangailangan at sa mga bagong anyo ng kahirapan at sila'y tatalima upang makakita ng kasagutan.
- Subukang ipamuhay ang buhay na naayon sa kalikasan, magkaroon ng pananagutan sa paggamit ng mga pinagkukunan at pag-aalaga sa ating Inang kalikasan.

### 8.4. Pamamaraan ng pakikipag-ugnayan at Komunikasyon

Tayo ay nakikipag-ugnay sa pamamagitan ng kahit ano sa mga sumusunod na pamamaraan:

- Personal na pakikipag-usap.
- Grupo na pakikipag-ugnay.
- Pakikisalamuha sa Provincial at General na antas (maging naroroon o sa pamamagitan ng koneksyon sa teknolohiya).
- Mga telegrama o sulat mula sa namumuno.
- Pagpapahayag sa iba't-ibang grupo sa province/Delegations.
- Paggamit ng otorisadong pagkakakilanlan sa social net Works.
- Bahagi ng Kongregasyon sa web page(aktibidades, usapin at pinagkukunan.)
- E-mails.
- Phones calls, SMS at WhatsApp.

## 9. TALAHULUGAN

**BAGONG ANYO NG KAHIRAPAN:** Bagong sumisibol na pangangailangan, ang bawat paghihirap at pagsubok na syang nararanasan ng mga tao dahil sa patuloy na paglago ng teknolohiya, globalisasyon, hindi pagkapantay pantay,politika at kultural na pagkakaiba-iba, sariling pananampalataya at iba pang-usaping umuugnay.

**BOKASYON:** Tawag mula sa Diyos sa isang yugto ng buhay.

**KARISMA:** Kakaibang handog o Kaloob mula sa Diyos, upang maging katuwang ng Diyos sa pagpapatuloy ng Kaharian ng Diyos.

**KAWANGGAWA:** Walang hanggang pagmamahal. Pakikiisa sa pagmamahal ng Diyos. Para sa SCSA, ito ang pinagmulan ng Kongregasyon, dahilan kung bakit ito ay nabubuhay at nagpapatuloy,itong natatanging karakter, apostoladong misyon at ang dulo, kung saan ito patungo.(Ref. Const. 4).

**KOMUNIDAD:** Matatag na samahan ng mga miyembro ng SAF, bilang pagtugon sa kanilang bokasyon, na nakikiisa sa pagkakakilanlan at mga gawaing pangbuhay.

**KONSTITUSYON:** Pinakamataas na alituntunin ng Institusyon ng relihiyoso, na siyang nagpapahayag ng Karisma at anyo ng buhay na syang sumusunod sa buhay ni Kristo.

**ESPIRITWALIDAD:** Paniniwala at pag-uugali ng syang humuhubog sa espiritwalidad at kaloob-looban ng isang tao o grupo.

**GAWAIN o RESPONSIBILIDAD:** Bawat hakbang, aktibidad, gawain o serbisyo na syang nagpapatotoo sa ating misyon.

**GAWAING MEDIKAL:** Bahagi ng ebanghelisasyon sa mga maliliit na baryong malalayo sa bayan, na isinasagawa ng mga miyembro ng SAF na nakaugnay sa panahon ng liturhiya.

**GENERAL CHAPTER (KABUUANG PAGTITIPON):** Pagtitipon ng mga miyembro ng SCSA na siyang kumakatawan sa buong Kongregasyon na syang pinakamataas na opisyal nito. Ang bawat desisyon ay pinag-uusapan at para sa karamihan. Ito ay maaaring pangkaraniwan(nagaganap kada ika 6 na taon para sa eleksyon at iba pang kailangang pagdesisyonan) o kakaiba (upang tugunan ang mga mahahalagang bagay na hindi dapat maantala). May mga pagkakataong ang miyembro ng SAF ay maaring makiisa rito. (Ref. Const. 116-117 at OL 119).

**JUAN BONAL PUNDASYON:** Pribadong samahan na nakaugnay sa SCSA.

**LAYKO:** Kahit sinong indibidwal na hindi pari, o hindi relihiyoso na may pagtitipan. Sa Katolikong simbahan, ang kanilang bokasyon ay makiisa sa pagbabanal ng mundo, tulad ng pampaalsa, upang mapagtagumpayan ang kanilang gawain. (LG 31).

**MABUTING PAKIKITUNGO / HOSPITALIDAD:** Biyaya mula sa Diyos, mabuting kaugalian ng pagtanggap, pagiging bukas at handa, pagsisilbi ng may pag-iingat at buong pagmamahal.

**MAGKATUWANG NA MISYON:** Ang misyong isinasabuhay ng bawat miyembro ng Kongregasyon at SAF ayon sa kanilang pagkakakilanlan.

**MAHIHIRAP:** Sila ang mga salat sa iba't-ibang bagay: ekonomiya, intelektwal, sosyal, kalusugan, kakayahan at apeksyon.

**MISYON:** Para sa mga miyembro ng SAF, ito ay nagpapakahulugan na maging saksi sa pagmamahal ng Diyos sa pamamagitan ng ating presensya at responsabilidad na isinasagawa, mula sa karisma na pinagkaloob sa atin.

**PAGKABAYANI:** Lakas ng loob upang gawin ang pinakamahalaga at pinakamabuti sa araw- araw na buhay.

**PAGKAKAKILANLAN:** Samahan ng may sariling pagkakakilanlan sa siyang nagpapakilala sa bawat indibidwal o grupo.

**PAGHUHUBOG:** Aktibidad na siyang gumagabay sa isang indibidwal sa kanyang paglago sa lahat ng aspekto ng buhay.

**PAGTATALAGA/PANGAKO:** Kusang pagtangap sa obligasyon para sa ikakabuti ng marami.

**PAGTATAG O PUNDASYON:** Naaayon sa mga bagay na suportado at matatag.

**PASTORAL:** Kristiyanong paglilingkod na nakabalangkas sa tatlong ministro ng simbahan (liturhiya, propeta at serbisyo).

**PROVICIAL/DELEGATION CHAPTER:** Pagtitipon ng bawat miyembro ng Kongregasyon at mga kumakatawan sa bawat bansa: Ang bawat-isa ay tinatawagang aralin ang bawat tema ng pagtitipon at bawat usapin. Sa ibang pagkakataon, ang ibang miyembro ng SAF ay maaring dumalo. (Ref. Const. 138, 139, 140 at OL 140).

**PROVINCE/DELEGATION:** Geograpiyang pagkakahatihati ng Kongregasyon. Ang Probinsya ay naiiba sa Delegasyon ayon sa bilang ng miyembro at komunidad.

## 10. PAGDADAGLAT

1Pedro: Unang Sulat ni San Pedro

Const.: Constitutions

ChL: Christifideles Laici (The Lay Faithful)

EN: Evangelii Nuntiandi

JBP: Juan Bonal Pundasyon

LC: Lay Communities

LG: Lumen Gentium

NWH: New Ways of Hospitality

OL: Organization and Life (of the Sisters)

Ref.: Please, refer to.

SAF: Saint Anne's Family

SAMV: Saint Anne Missionary Volunteers

SCSA: Sisters of Charity of Saint Anne

VC: Vita Consecrata (Consacrated Life)

## 11. BIBLIYOGRAPIYA


- Banal na Bibliya

- Lumen Gentium. Dogmatikong Konstitusyon ukol sa Simbahan, ipinahayag ito ni Papa Pablo VI noong Nobyembre 21, 1964.
- Christifideles Laici. Post-synodal Apostolic Exhortation of His Holiness John Paul II on the Vocation and the Mission of the Lay faithful in the Church and in the world. December, 1988.
- Vita Consecrata. Post-synodal Apostolic Exhortation of the Holy Father John Paul II to the Bishops and Clergy, Religious Orders and Congregations, Societies of Apostolic Life, Secular Institutes and all the Faithful, on the Consecrated Life and its mission in the Church and in the world. March, 1996.
- New ways of Hospitality, preparatory document for the General Chapter of 2007.
- Final Document of XXVI General Chapter, 2007.
- Constitutions and Organization and Life of SCSA. 2011.
- Summary of Minutes of the XXVIII the General Chapter, 2013.
- Conclusions of the XXVIII General Chapter, 2013.